



## **Portal na Mapagkukunan ng “Alamin ang Iyong Karapatan” para sa Maliliit na Negosyo sa California**

Itong repositoryo na ito ng Small Business Know Your Rights, na binuo ng Small Business Majority sa pakikipagtulungan ng [Bay Area Jobs First Collaborative](#) at [CAMEO Network](#), ay nag-uugnay sa mga maliliit na may-ari ng negosyo, empleyado, at imigrante na negosyante sa mahahalagang legal at praktikal na mapagkukunan na nakatuon sa pagpapatupad ng imigrasyon, mga karapatan sa lugar ng trabaho, at pagsunod. Habang ang pagpapatupad ng imigrasyon ay lalong nakakaapekto sa mga lugar ng trabaho at komunidad, ang koleksiyong ito ng mga gabay, kasosyo sa tulong legal, at iba pang mga mapagkukunan ay idinisenyo upang tulungan kang manatiling may kaalaman at handa.

Ang mga requirement ng employer tungkol sa mga inspeksyon sa imigrasyon at mga pakikipag-ugnayan sa pagpapatupad ng batas ay patuloy na nagbabago, na ginagawang mahalaga para sa mga may-ari ng maliliit na negosyo na manatiling may kaalaman. Kabilang dito ang pagsunod sa California Workplace Know Your Rights Act, na ipinatupad noong **Pebrero 1, 2026**, at nag-aatas sa mga employer na magbigay sa kasalukuyan at bagong mga empleyado ng isang nakahiwalay na paunawa na nagpapaliwanag ng kanilang mga karapatan sa panahon ng mga inspeksyon sa imigrasyon at mga pakikipag-ugnayan sa pagpapatupad ng batas. [Magbasa pa tungkol sa bagong batas at kung paano pangalagaan ang iyong negosyo at mga empleyado sa panahon ng pagpapatupad ng imigrasyon.](#)

***Mahalagang tandaan na ang listahang ito ay para sa pangkalahatang impormasyon lamang at hindi legal na payo.***

### **Maghanap ng mga mapagkukunan**

I-filter at i-browse ang aming koleksiyon sa buong estado ng mga mapagkukunang nauugnay sa imigrasyon at mga organisasyong katuwang ng komunidad.

**Human Resources:** Mga responsibilidad na nauugnay sa empleyado, mga karapatan sa lugar ng trabaho, mga requirement para sa pahintulot, at iba pang mga isyu sa pagsunod ng employer.

**Tulong Legal:** Mga organisasyong maaaring tumulong sa mga serbisyong legal at mga tanong o isyu na nauugnay sa imigrasyon.

**Mabilis na Tugon:** Mga mapagkukunan na tumutulong sa mga negosyo na tumugon nang mabilis sa pagpapatupad o detensyon sa imigrasyon.

**Mga Katuwang ng Komunidad:** Mga pinagkakatiwalaang lokal na organisasyon na tumutulong na ikonekta ang maliliit na negosyo at komunidad sa mga mapagkukunan, outreach, at suporta.

---

## **Portal Resources**

{Featured} {Human Resources} {Downloadable}

### **[FAQ Mga Karapatan ng Maliliit na Negosyo na may Paggalang sa Pagpapatupad ng Imigrasyon](#)**

Nilikha ng Public Counsel, inilalahad ng praktikal na gabay na ito kung ano ang dapat malaman ng mga may-ari ng maliliit negosyo tungkol sa pagpapatupad ng imigrasyon, kabilang ang mga protocol sa pagtugon sa lugar ng trabaho, I-9 audit, warrant at subpoena, pagpapalano ng nakasulat na patakaran, at mga tip sa dokumentasyon.

{Featured} {Human Resources} {Downloadable}

### **Template ng Mga Pakakaran para sa Maliliit na Negosyo**

Ginawa ng Public Counsel, ang mapagkukunang ito ay nag-aalok ng mga nako-customize na template para sa maliliit na negosyo na bumubuo ng mga panloob na polisiya sa pagpapatupad ng imigrasyon, kabilang ang mga tungkulin sa pagtugon ng kawani, mga protocol para sa warrant at pagpasok, mga pamamaraan ng dokumentasyon, at mga sample na abiso para sa pribadong ari-arian.

{Featured} {Human Resources} {Downloadable}

### **Lugar ng Trabaho sa California – Alamin ang Iyong Mga Karapatan**

Nilikha ng California Department of Industrial Relations, inilalahad ng mapagkukunang ito ang mahahalagang karapatan sa lugar ng trabaho para sa mga manggagawa sa California, kabilang ang mga proteksyong nauugnay sa imigrasyon, mga proteksyon sa ganting aksyon, mga karapatan kapag nakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas, at kung saan pupunta para sa tulong kung ang mga karapatan ay nalabag.

{Featured} {Human Resources} {Spanish} {Downloadable}

### **Mga Mapagkukunan ng Imigrasyon para sa Mga Employer**

Nilikom ng GO-Biz, ang gabay na mapagkukunan na ito na naglalaman ng mga pagsasanay, fact sheet, video, at praktikal na tool para sa mga employer sa mga isyu sa lugar ng trabaho na nauugnay sa imigrasyon, kabilang ang I-9 audit, tugon sa pagpapatupad, mga proteksyon sa paggawa sa California, at mga mapagkukunan upang suportahan ang mga manggagawang imigrante at kanilang mga pamilya.

{Featured} {Spanish} {Additional Languages}

### **Mga Red Card / Alamin ang Iyong Mga Karapatan na Card**

Ang webpage na ito ay nagbibigay-daan sa mga indibidwal at organisasyon na mag-order ng 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan' na Red Card sa maraming wika. Ang mga card ay idinisenyo upang tulungan ang mga tao na igiit ang kanilang mga karapatan sa konstitusyon sa panahon ng mga pakikipag-ugnayan sa mga ahente ng imigrasyon at isama ang wika na maaaring ipakita sa mga opisyal ng ICE upang ipabatid na ang indibidwal ay ginagamit ang kanilang mga karapatan.

{Human Resources} {Downloadable}

## **Mga FAQ sa Awtorisasyon sa Trabaho para sa Mga Employer**

Ginawa ng Public Counsel, tinutulungan ng sanggunian na ito ang mga employer na maunawaan ang kanilang mga responsibilidad tungkol sa awtorisasyon sa trabaho, kabilang ang pagsunod sa Form I-9, mga panuntunan sa muling pag-verify, pag-audit ng ICE, at mga pangunahing pagsasaalang-alang para sa mga contractor at collective.

{Human Resources} {Downloadable}

## **Ano ang Gagawin Kapag Dumating ang Imigrasyon sa Iyong Trabaho**

Ginawa ng **National Employment Law Project** at ng **National Immigration Law Center**, ang sanggunian na ito ay nagbibigay ng praktikal na patnubay para sa mga employer sa kung paano maghanda para sa mga aksyon ng ICE, pangasiwaan ang I-9 na mga pag-audit at pag-raid, pagprotekta sa mga karapatan sa lugar ng trabaho, at pagsuporta sa mga manggagawa pagkatapos ng isang aksyong pagpapatupad ng imigrasyon.

{Human Resources} {Spanish} {Statewide}

## **Independent Hospitality Coalition (IHC)**

Ang slideshow na ito ay nagbabahagi ng praktikal na patnubay para sa mga employer sa kung paano maghanda para sa pagpapatupad ng imigrasyon sa lugar ng trabaho, kabilang ang kung paano gumawa ng plano sa pagtugon, sanayin ang mga kawani, tukuyin ang mga pribadong lugar, at tumugon kung ang mga ahente ng imigrasyon ay dumating sa isang negosyo. Konektado din ito sa mga karagdagang tool gaya ng Mga Red Card, patnubay ng employer, mga sanggunian para sa paghahanda ng pamilya, mga materyales sa Form I-9, at mga multilingwal na sanggunian sa karapatan.

{Spanish} {Legal Aid} {Rapid Response}

## **Rapid Response Know Your Rights Resource Packet 2025**

Binuo ng Immigrant Defenders Law Center, nag-aalok ang bilingual na packet na ito ng mabilis na pagtugon at impormasyon tungkol sa 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan' para sa mga taong apektado ng pagpapatupad ng imigrasyon, kabilang ang impormasyon ng hotline, suporta sa detensyon, paghahanda para sa panayam para sa makatwirang pangamba, mga tool sa paghahanda ng pamilya, at mga referral sa serbisyong legal sa lugar ng Los Angeles.

{South Bay} {Rapid Response} {Legal Aid}

### **Santa Clara County Rapid Response Network**

Ang Rapid Response Network sa Santa Clara County (RRN) ay isang koalisyong ng 10 nonprofit na organisasyon at 1 direktang apektado na grupo ng komunidad na nagtutulungan upang magbigay ng depensa laban sa deportasyon at suporta sa komunidad.

{South Bay} {Legal Aid} {Community Partner}

### **Asian Law Alliance**

Ang Asian Law Alliance (ALA) ay isang non-profit na tanggapan ng serbisyong legal para sa komunidad na nagbigay ng mga serbisyong legal, edukasyon sa komunidad at mga serbisyo ng adbokasiya mula pa noong 1977 para sa mga komunidad ng Asian at Pacific Islanders sa Santa Clara County.

{South Bay} {Legal Aid} {Community Partner}

### **Community Legal Services of East Palo Alto**

Ang Community Legal Services sa East Palo Alto (CLSEPA) ay isang nonprofit na organisasyon na nagbibigay ng tulong legal sa mga usaping pabahay, imigrasyon, karapatan ng mga manggagawa at proteksyon ng konsumer para sa mga residenteng mababa ang kita.

{South Bay} {Legal Aid} {Community Partner} {Rapid Response}

### **CLARO (Human Agenda)**

Ang Colectivo Legal Accesible Razonable y Organizado (CLARO) ay isang kolektibong pinapatakbo sa demokratikong paraan na nagbibigay ng mahahalagang serbisyo sa imigrasyon sa mga residente ng Santa Clara County.

{SF/East Bay} {Downloadable}

## **[City of Oakland Immigrant Rights and Resources](#)**

Ang lungsod ng Oakland ay bumuo ng isang pahina ng sanggunian na naglilista ng mga polisiya ng lungsod tungkol sa komunidad ng mga imigrante at mga mapagkukunang available sa mga taga-oakland sa pamamagitan ng mga kasosyo sa antas ng county, rehiyon at estado.

{South Bay} {Legal Aid} {Community Partner}

## **[Bay Area Legal Aid](#)**

Ang Bay Area Legal Aid (BayLegal) ay nagbibigay sa mga kliyenteng mababa ang kita ng libreng tulong legal sa usaping sibil, kabilang ang legal na payo at taga-payo, mga referral at representasyon.

{SF/East Bay} {Community Partner} {Legal Aid} {Additional Languages}

## **[Stand Together Contra Costa](#)**

Ang Stand Together Contra Costa ay nagbibigay ng may angkop na pag-unawa sa kultura, libre na agarang suporta, mga serbisyong legal na depensa at edukasyon at pagsasanay tungkol sa mga karapatan ng imigrante upang suportahan ang mga pamilyang apektado ng mga polisiya at gawi laban sa imigrante sa Contra Costa County.

{North Bay} {Community Partner} {Rapid Response}

## **[Multicultural Center of Marin](#)**

Tumutulong ang center na ito na pamahalaan ang Marin Rapid Response Network, na nagbibigay ng paraan upang tugunan ang takot at pangamba sa komunidad bilang resulta ng pag-iging ng pagpapatupad ng imigrasyon, mga aksyon ng ICE at iba pang mga pag-atake laban sa mga komunidad ng imigrante sa Marin County.

{South Bay} {Legal Aid} {Community Partner}

### **Amigos de Guadalupe Center for Justice & Empowerment**

Ang Amigos de Guadalupe Center ay isang nonprofit na organisasyon na nakabatay sa komunidad sa East San Jose na nagbibigay ng lakas sa mga pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong legal sa pamamagitan ng mga in-house na abogado, pati na rin sa mga klase ng ESL at pagkamamamayan.

{South Bay} {SF/East Bay} {Legal Aid} {Community Partner}

### **Pangea Legal Services**

Ang Pangea Legal Services ay isang nonprofit na organisasyon na dalubhasa sa depensa laban sa deportasyon at mga serbisyong legal sa imigrasyon at nag-aalok ng libre o murang legal na representasyon sa hukuman, edukasyon sa komunidad at adbokasiya sa polisiya upang protektahan ang mga karapatan ng imigrante.

{South Bay} {SF/East Bay} {North Bay} {Legal Aid} {Community Partner} {Rapid Response}

### **Lawyers Committee on Civil Rights of San Francisco**

Ang LCCRSF ay isang nonprofit na organisasyon na nagbibigay ng lakas sa mga komunidad ng BIPOC at marginalisadong grupo upang protektahan ang kanilang sarili laban sa diskriminasyon, maling pag-uugali ng pulisya at hindi makatarungang mga polisiya sa imigrasyon.

{SF/East Bay} {Downloadable} {Human Resources} {Spanish} {Additional Languages}

### **SF Immigrant Forum**

Ang SF Immigrant Forum ay isang koalisyon at pakikipag-tullungan ng iba't ibang ahensya na pinamumunuan ng lungsod ng San Francisco na tumutulong sa mga imigrante, asylee, refugee at taga-bigay ng serbisyo na makakonekta sa mga mapagkukunan, oportunidad at kaganapan sa San Francisco.

{SF/East Bay} {Downloadable} {Human Resources} {Additional Languages}

### **Oakland Small Business & Community Toolkit**

Ang lungsod ng Oakland ay bumuo ng pahina ng toolkit ng komunidad na naglilista ng mga mapagkukunan ng lungsod para sa komunidad ng maliliit na negosyo.

{SF/East Bay} {Legal Aid} {Community Partner}

### **Immigrant Legal Defense**

Ang ILD ay isang organisasyong nakabase sa Oakland na nagbibigay ng libre, de-kalidad na legal na representasyon sa mga komunidad ng mga imigrante na kulang sa serbisyo, kabilang ang direktang representasyon sa mga korte ng imigrasyon (EOIR), bago ang USCIS at sa mga kumplikadong kaso.

{SF/East Bay} {Legal Aid}

### **San Francisco Public Defender's Office**

Ang San Francisco Public Defender ay isang inihalal na tanggapan na nagbibigay ng libre, de-kalidad na legal na representasyon sa mga indibidwal sa San Francisco na hindi kayang magbayad ng pribadong abogado.

{SF/East Bay} {Legal Aid}

### **Alameda County Public Defender Immigration Representation Unit**

Ang Immigration Representation Unit ay nagbibigay ng depensa laban sa deportasyon at legal na representasyon para sa mga imigrante na nahaharap o nasa panganib na maalis mula sa Estados Unidos. Kasama sa kanilang gawain ang adbokasiya sa imigrasyon at mga pederal na korte.

{SF/East Bay} {Legal Aid} {Rapid Response}

### **Alameda County Immigration Legal and Education Partnership (ACILEP)**

Ang ACILEP ay isang kolaborasyon ng mga organisasyong nakabatay sa komunidad, mga legal na tagapagtaguyod at ang Alameda County Public Defender na nagbibigay ng mabilis na pagtugon, legal na representasyon at edukasyon upang protektahan ang mga hindi dokumentadong imigrante laban sa detensyon at deportasyon.

{SF/East Bay} {Legal Aid} {Rapid Response } {Downloadable} {Additional Languages} {Spanish} {Toolkit}

### **California Collaborative for Immigrant Justice**

Ang California Collaborative for Immigrant Justice (CCIJ) ay isang nonprofit na organisasyon na nagtataguyod, nagbibigay ng lakas at nagtatanggol sa mga nakakulong na imigrante at sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sanggunian tungkol sa 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan', koordinasyon ng mga Rapid Response network, suportang legal at direktang aksyon laban sa detensyon ng ICE.

{North Bay} {Community Partner} {Spanish} {Additional Languages} {Rapid Response}

### **Canal Alliance**

Ang Canal Alliance ay isang nonprofit na nakabase sa San Rafael, na itinatag noong 1982, na nagtataguyod sa mga imigrante sa Marin County sa pamamagitan ng pag-aalok ng 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan' na mga materyal na pang-edukasyon at workshop na nagbibigay sa mga indibidwal ng mga tool upang protektahan ang kanilang sarili, kanilang mga pamilya at kanilang mga komunidad.

{North Bay} {Additional Languages} {Downloadable} {Rapid Response}

### **County of Marin Rights and Resources**

Ang County of Marin ay nakipagtulungan sa Marin County Office Education at sa Immigrant Legal Defense upang magbigay ng mga libreng serbisyong legal sa imigrasyon para sa mga pamilya at mag-aaral sa Marin County. Kasama sa mga serbisyo ang mga legal screening, representasyon at depensa laban sa pagpapalis.

{North Bay} {Rapid Response} {Additional Languages}

### **North Bay Organizing Project (MiJA)**

Ang inisyatiba ng Migrant Justice in Action (MiJA) ng organisasyon ay nagpapakilos ng isang network ng pagtugon sa emerhensiya, nagsisilbing mga saksi sa mga aksyon sa pagpapatupad ng imigrasyon, ipinagtatanggol ang mga karapatan ng mga imigrante at nagbibigay ng mga serbisyo sa mga apektadong residente ng North Bay.

{North Bay} {Rapid Response}

### **County of Sonoma**

Ang County ng Sonoma ay nagtatag kamakailan ng isang ad hoc committee upang bumuo ng mga estratehiya at rekomendasyon para sa buong Board of Supervisors kung paano suportahan, protektahan at bigyan ng lakas ang mga residenteng imigrante.

{Statewide} {Community Partner} {Legal Aid} {Human Resources}{ Additional Languages}  
{Downloadable}

### **Public Counsel**

Ang Public Counsel ay ang pinakamalaking pro bono na law firm sa bansa, na dalubhasa sa pagbibigay ng mga libreng serbisyong legal, edukasyon at adbokasiya para sa mga indibidwal, bata at komunidad na mababa ang kita.

{Statewide} {Legal Aid} {Human Resources} {Additional Languages} {Downloadable} {Rapid Response}

### **California Governor's Office of Business and Economic Development**

Ang opisina ng gobernador ay naglabas kamakailan ng mga fact sheet na nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa SB 294, ang Immigrant Worker Protection Act at iba pang mga sanggunian ng 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan'.

{Featured} {Statewide} {Additional Languages} {Rapid Response} {Human Resources}  
{Downloadable} {Toolkit}

## **Immigrant Defense Project Know Your Rights With Ice**

Ang toolkit ng Immigrant Defense Project ay nag-aalok ng mga sangguniang multilinggwal na nagpapaliwanag kung ano ang gagawin kung pumasok ang ICE sa iyong tahanan, sasakyan o negosyo, kabilang ang mga madaling gamitin na flyer, infographics at mga booklet. Nagbibigay din ito ng gabay sa ligtas na pagdodokumento ng pakikipag-ugnayan sa ICE o pag-aresto para sa legal na suporta at pananagutan.

{Statewide} {Legal Aid} {Additional Languages} {Toolkit}

## **International Institute of Los Angeles**

Ang International Institute of Los Angeles (IILA) ay nagbibigay ng pagsasanay na 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan' upang matulungan ang mga imigrante at mga refugee na protektahan ang kanilang sarili laban sa detensyon at deportasyon ng ICE, na may mga partikular na sanggunian para sa pag-navigate sa mga interaksyon sa bahay, trabaho o sa pampublikong lugar.

{Statewide} {Legal Aid} {Additional Languages}

## **Legal Aid Foundation of Los Angeles**

Ang Legal Aid Foundation of Los Angeles (LAFLA) ay nagbibigay ng libreng tulong legal, mga workshop at 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan' na impormasyon para sa mga indibidwal na mababa ang kita sa LA County. Kabilang sa mga pangunahing pinagtutuunan ng pansin nito ang imigrasyon, pabahay/pagpalayas, pampublikong benepisyo at karapatan ng manggagawa.

{Statewide} {Community Partner} {Legal Aid} {Additional Languages} {Rapid Response}  
{Featured}

## **California Department of Social Services Immigration Legal Services Contractors**

Ang CDSS ay nagbibigay ng direktoryo ng mga contractor ng serbisyong legal sa imigrasyon, karamihan ay mga nonprofit na organisasyon na nag-aalok ng mga konsultasyon at direktang tulong legal sa mga imigrante sa buong California.

{Featured} {Statewide} {Rapid Response} {Downloadable} {Additional Languages} {Toolkit}

### **California Immigrant Policy Center Rapid Response Networks**

Ang pahina ng sanggunian ng California Immigrant Policy Center ay nagbibigay ng isang pang-estadong direktoryo ng mga rapid response network, na tumutulong sa mga indibidwal na kumonekta sa lokal na suporta sa panahon ng mga aksyon sa pagpapatupad ng imigrasyon. Kasama rin dito ang mga materyal na 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan' na nakatuon sa kamalayan ng komunidad at paghahanda ng pamilya.

{Statewide} {Legal Aid}

### **California Rural Legal Assistance Foundation**

Nag-aalok ang CRLF ng de-kalidad, pro bono na mga serbisyo para sa depensa sa pagtanggali sa mga indibidwal bago ang korte ng imigrasyon ng San Francisco at Sacramento, kabilang ang payo at taga-payo, mga workshop na pang-edukasyon at legal na representasyon.

{Statewide} {Community Partner} {Legal Aid} {Additional Languages} {Spanish}

### **Ang Coalition for Humane Immigrant Rights Removal Defense Aid (CHIRLA)**

Ang pangkat ng depensa sa pagtanggali ng CHIRLA ay nag-aalok ng legal na representasyon para sa parehong nakakulong at hindi nakakulong na mga imigrante, na nagsisikap na pigilan ang deportasyon at muling pagsama-samahin ang mga pamilya. Nakatuon ito sa mga kasalukuyang nahaharap sa deportasyon.

{Statewide} {Legal Aid}

### **Immigrant Defenders Law Center**

Ang ImmDef ay isang social justice law firm na nagbibigay ng libre, de-kalidad na legal na representasyon at adbokasiya sa mga imigrante at refugee sa Southern California.

{Statewide} {Legal Aid} {Human Resources} {Additional Languages} {Downloadable}

### **Immigrant Defenders KYR Toolkit**

Ang KYR toolkit ng ImmDef ay naglalaman ng iba't ibang mga materyales at sanggunian tulad ng mga mga hotline ng pro bono na serbisyong legal at rapid response sa California.

{Statewide} {Legal Aid} {Human Resources} {Additional Languages}

### **Gabay para sa Mga Employer: Anong Gagawin Kapag Dumating ang Imigrasyon sa Iyong Lugar ng Trabaho**

Ang gabay ng National Immigration Law Center ay nagbibigay ng praktikal na payo para sa pagtugon sa mga aksyong nauugnay sa imigrasyon sa lugar ng trabaho.

{Statewide} {Human Resources} {Downloadable}

### **Paano Masusuportahan ng Mga Employer ang mga Immigrant Domestic Workers**

Ang Hand in Hand's Domestic Workers Guide ay nagbibigay ng gabay kung paano masusuportahan ng mga employer ang mga domestic worker sa kanilang mga kawani.